

BULUTONG (Smallpox)

Ano ang BULUTONG?

Ang BULUTONG ay isang mapanganib na nakahahawang, at paminsan-minsang nakamamatay na sakit. Noong mga panahon ng 1970 ay nalipol na ang sakit na ito pagkatapos ng malawakang pandaigdigang programa sa pagbabakuna. Dahil itinigil na ang pagbabakuna laban sa BULUTONG, walang nang panglaban ang publiko sa sakit na ito.

Ang ang mga palatandaan ng BULUTONG?

Mayroong 7 hanggang 17 araw ng paghihintay pagkatapos malantad ang isang indibidwal sa BULUTONG. Hindi nakakahawa ang kalagayan sa mga panahong ito. Kapag unti-unti nang sumulpot ang mga palatandaan ito ay itinuturing nakakahawa.

Ang inisyal na palatandaan ay kinapapalooban ng:

- Mataas na lagnat (101-104 degrees Fahrenheit)
- Pagsakit sa ulo at ibang bahagi ng katawan
- Pagsusuka (iilang mga kaso)
- Sa loob ng dalawa hanggang apat na araw pagkatapos ang inisyal na palatandaan, mayroong mga butlig na lalabas. Sa pagkakataong ito, ang biktima ay nakahahawa. Mga maliit na mapupulang batik ay lalabas sa bibig at sa dila, pagkatapos sa ulo at ibang bahagi (tulad ng mga palad at talampakan). Ang mga butlig na ito ay mabilis na kakalat sa buong katawan.
- Sa susunod na dalawang araw ang butlig ay magiging bukol at ang bukol na ito ay lalaki, magtutubig at kadalasang mayroong lubak sa gitna na parang pusod.
- Ang mga bukol ay magkakaroon ng nana -manaka-nakang mataas kaysa sa balat, kadalasang pabilog, at matigas kung hahawakan na parang may isang bilog na bagay sa ilalim ng balat.
- Sa kalaunan magkakaroon ng langib. Ang mga langib ay mahuhulog pagkatapos ng tatlong linggo na magiiwan ng pilat.

Papaano kumakalat ang BULUTONG?

Maaaring nakahahawa ang BULUTONG kapag ang isang taong ay mayroong lagnat na, ngunit ito ay mas nakahahawa sa loob ng 7 hanggang 10 araw kasunod ng pagkakaroon ng mga butlig. Sa nakalipas, ang kadalasang paraan ng pagkakaroon ng BULUTONG ay sa pamamagitan ng malapit na pagkontak ng isang taong mayroong nito. Ang apektadong tao ay nakahahawa hanggang sa pinakahuling pagkawala ng langib.

Ang BULUTONG ay maaari ring kumalat sa pamamagitan ng direktang pagkadampi sa mga likidong mula sa katawan o sa mga kontaminadong personal na kasangkapan tulad ng mga kumot o damit.

Bihirang kumakalat ang BULUTONG sa hanging sa mga lugar na tulad ng bus o mga gusali. Ang mga tao lamang ang pangunahing tagapagkalat nito. Walang sapat

Tagalog

na kaalaman na ang BULUTONG ay kumakalat sa pamamagitan ng insekto o hayop.

Paano ginagamot ang BULUTONG?

Walang gamot sa kasalukuyan na maaaring maging lunas sa BULUTONG pagkatapos na magsimula ang mga butlig nito. Ang pagpapabakuna sa loob ng 3 araw ng pagkalantad ay kadalasang naiwasan o nababawasan ang pagkalala ng mga palatandaan ng BULUTONG.

Ang pagpapabakuna sa loob ng 4 hanggang 7 araw pagkatapos ng pagkalantad ay nagbibigay rin ng ilang proteksyon sa sakit at maaaring mabawasan ang pagkalala ng mga palatandaan nito. Ang bakuna ay gawa sa isang uri ng virus na tinatawag na vaccinia, na siyang tumutulong sa pagtibay ng mga pangontra laban sa BULUTONG.

Paano malalaman na ikaw ay nalantad sa BULUTONG?

Dahil ang BULUTONG ay hindi na karaniwang sakit, ang maaaring maging sanhi ng pagkakaroon nito ay ang bayolohikal na pagsalakay ng mga terorismo. Kung ikaw ay nasa lugar na kung saan ang BULUTONG virus ay pinakawalan o di kaya'y nadampian mo ang isang tao na may palatandaan ng BULUTONG, ikaw ay maaaring mayroon din.

Ano ang dapat gawin kung ikaw ay mayroong BULUTONG?

Bawasan ang pagdikit sa ibang tao. Humanap kaagad ng karampatang saklong medikal. Upang maiwasan ang paghawa nito sa iba tumawag muna sa iyong duktor o ospital bago magpunta sa opisina o emergency room. Kapag ang pagkalantad sa BULUTONG ay nasa loob ng 7 araw, kinakailangan ang pagpapabakuna.

Gaano kaligtas ang bakunang pang-BULUTONG?

Ang bakunang pang-BULUTONG ay ang pinakamahasag na proteksyon kung ikaw ay nalantad sa BULUTONG virus. Sinumang direktang nalantaran ng BULUTONG, kahit ano pa man ang kalagayan ng kanilang kalusugan, ay bibigyan ng bakunang pang-BULUTONG dahil ang panganib na kasama ng sakit na ito ay mas malala kaysa sa panganib na maaaring maidulot ng bakuna.

Maaari bang makuha ng mga alagang hayo ang BULUTONG?

Tanging mga unggoy lamang ang nakakakuha ng BULUTONG.

BULUTONG (Smallpox)

Tagalog

Ano ang mga palatandaan ng BULUTONG (Tigdas)

Mayroong 7 hanggang 17 araw ng paghihintay pagkatapos malantad ang isang indibidwal sa BULUTONG. Hindi nakakahawa ang kalagayan sa mga panahong ito. Kapag unti-unti nang sumulpot ang mga palatandaan ito ay itinuturing nakakahawa.

Ang inisyal na palatandaan ay kinapapalooban ng:

Mataas na lagnat (101-104 degrees Fahrenheit)
Pagsakit sa ulo at ibang bahagi ng katawan
Pagsusuka (sa iilang mga kaso)

Sa loob ng dalawa hanggang apat na araw pagkatapos ng inisyal na palatandaan, mayroong mga butlig na lalabas. Sa pagkakataong ito, ang biktima ay nakahahawa. Mga maliit na mapupulang batik ay lalabas sa bibig at sa dila, pagkatapos sa ulo at ibang bahagi (tulad ng mga palad at talampakan). Ang mga butlig na ito ay mabilis na kakalat sa buong katawan.

Sa susunod na dalawang araw ang butlig ay magiging bukol at ang bukol na ito ay lalaki, magtutubig at kadalasang mayroong lubak sa gitna na parang pusod.

Ang mga bukol ay magkakaroon ng nana -manaka-nakang mataas kaysa sa balat, kadalasang pabilog, at matigas kung hahawakan na parang may isang bilog na bagay sa ilalim ng balat.

Sa kalaunan magkakaroon ng langib. Ang mga langib ay mahuhulog pagkatapos ng tatlong linggo na magiiwan ng pilat.

Hawaii State Department of Health

www.hawaii.gov/doh

Para sa karagdagang impormasyon o pagsangguni tumawag sa 2-1-1